


Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN III



MODULE 17

**Labanan ng mga Bansa sa Daigdig
(Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig)**



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City







MODULE 17
LABANAN NG MGA BANSA SA DAIGDIG
(UNA AT IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG)



Ang modyul na ito ay tungkol sa mahahalagang pangyayari hinggil sa pagkakaroon ng Unang Digmaang Pandaigdig (1914-1918) at ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (1939-1945). Ang mga digmaang ito ay nag-iwan ng malalim na sugat at aral sa kasaysayan ng sangkatauhan. Tatalakayin sa mga aralin sa modyul na ito ang mga pangyayari at ang maraming pagbabagong idinulot ng dalawang digmaang pandaigdig na naganap sa kasaysayan.



May apat na araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

-  Aralin 1: Mahahalagang Pangyayari na Nagdulot ng Unang Digmaang Pandaigdig
-  Aralin 2: Mga Epekto sa mga Bansa ng Unang Digmaang Pandaigdig
-  Aralin 3: Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig
-  Aralin 4: Ang Pagwawakas ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at mga Pagbabagong Dulot Nito



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mailalahad ang mga kritikal na pangyayari sa panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig;
2. Masusuri ang mga epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig sa mga bansang nasangkot dito;
3. Mailalahad ang mga kritikal na pangyayari sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig;
4. Masusuri ang epekto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Europa, Asya,

- Aprika, mga kolonya at iba pang bansa sa daigdig;
5. Mabibigyang-puna ang mga pagsisikap ng mga bansa na magkaroon ng kapayapaang pandaigdig upang maiwasan ang mga digmaan; at
 6. Makapagbibigay ng sariling pananaw hinggil sa pag-iwas sa digmaan.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.



PANIMULANG PAGSUSULIT:

- I. Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Bilugan ang titik ng tamang sagot.
 1. Ang mga sumusunod na pangyayari ay naganap noong Unang Digmaang Pandaigdig maliban sa
 - A. pagbuo ng *Triple Alliance* at *Triple Entente*.
 - B. pandaigdigang krisis tulad ng naganap sa mga Estado ng Balkan at sa Morocco.
 - C. pagpapalakas ng hukbong militarng mga bansa.
 - D. pagtatatag ng Nagkakaisang Bansa.
 2. Alin sa mga sumusunod na pangyayari ang naging hudyat o dahilan sa pagsisimula ng Unang Digmaang Pandaigdig?
 - A. Pagpapakamatay ni Adolf Hitler matapos sumalakay ang *Allied Powers*
 - B. Pagpapalabas ng labing-apat na Puntos ni Pangulong Woodrow Wilson
 - C. Pagpaslang kay Archduke Francis Ferdinand ng Austria sa Sarajevo, Bosnia
 - D. Pagwawakas ng mga Imperyo sa Europa tulad ng Alemanya, Austria-Hungary, Rusya, at Ottoman
 3. Ang kasunduan sa Versailles ay mahalaga dahil sa mga probisyon nito ukol sa
 - A. pag-angkin ng Rusya sa Constantinople upang magkaroon ng magandang daungan.
 - B. paghahati-hati sa dating kolonya ng Alemanya sa pangangasiwa ng mga bansang magkaka-alyado.
 - C. pagkakaroon ng *Triple Alliance* at *Triple Entente*
 - D. paglaban ng Alemanya sa kapangyarihang pandagat ng Inglatera.
 4. Ang pagsisimula ng World War II ay maiuugnay sa:
 - A. pagkabigo ni Adolf Hitler na sakupin ang Inglatera.
 - B. paglusob ng mga Aleman sa Poland noong 1939.
 - C. pagpapadala ng Estados Unidos ng mga armas sa Inglatera.
 - D. pagpaslang sa maraming Hudyo sa Europa.

5. Sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, naganap ang mga sumusunod, maliban sa:
- A. pagbagsak ng totalitariang ng Nazi ni Hitler, Pasismo ni Mussolini, at Imperyong Hapon ni Hirohito.
 - B. paghina ng pandaigdigang ekonomiya tulad ng mga industriya, transportasyon, komunikasyon, at pananalapi.
 - C. pagsilang ng malalayang bansa mula sa pagiging dating kolonya *decolonization*.
 - D. pagtitiwalag sa Alemanya sa Liga ng mga Bansa at pagbabawal na lumikha ng mga armas pandigma.
6. Si Winston Churchill ay nakilala at maaalala sa buong mundo bilang:
- A. magiting na Heneral ng Hukbong Sandatahan ng mga bansa sa *Allied Power*.
 - B. pinuno ng mga uring manggagawa sa panahon ng Rebolusyong Industrial.
 - C. punong Ministro ng Gran Britanya noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
 - D. tagasuporta ng Nazi Party ni Adolf Hitler sa Alemanya.
7. Alin sa mga sumusunod na pangkat ng tao sa Europa ang nakatanggap ng pinakamatinding pinsala sa buhay noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
- A. Aleman
 - B. Amerikano
 - C. Hudyo
 - D. Pranses
8. Ang mga sumusunod na pangungusap ay tumutukoy sa tunay na interes ng Hapon sa kanyang pag-atake sa Pearl Harbor:
- A. Maging kaanib ang mga bansa sa Asya sa samahan ng mga Nagkakaisang Bansa
 - B. Mapabilis ang kalakalan sa pagitan ng mga Hapon, Aleman at Italyano sa Pasipiko
 - C. Mapalawak ang imperyo ng Hapon sa Asya at ang kaisipang Asya para sa mga Asyano
 - D. Mapalaya ang mga bansa sa Asya na sakop ng mga Ingles, Pranses, Olandes at Amerikano

9. Ang D-Day sa Normandy noong June 6, 1944 ay inaalala bilang:
- A. malagim na pagpatay sa mga Hudyong na nasa Europa.
 - B. matagumpay na pagdaong dito ng mga Allied Powers.
 - C. pagsuko ng mga Aleman sa Gran Britanya.
 - D. pag-urong ng Italya sa digmaan sa Europa.
10. Ano ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
- 1. Pagdating ng Allied Powers sa Pransya bilang D-Day
 - 2. Pagdeklara ng Estados Unidos ng digmaan laban sa Hapon
 - 3. Paglusob ng Hapon sa Manchuria
 - 4. Pagsalakay ng Alemanya sa Poland

Ang wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari ay :

- A. 2 - 4 - 3 - 1
- B. 4 - 1 - 3 - 2
- C. 3 - 4 - 2 - 1
- D. 1 - 2 - 4 - 3

II. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at isulat ang titik:

- A. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Ekonomiya;
- B. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Lipunan;
- C. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Pulitika at
- D. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Relihiyon;

_____ 11. Paghina ng industrialisasyon at pananalapi dulot ng malawakang digmaan.

_____ 12. Pagkilala ng mga Alemanya na sila ang nangungunang lahi o tao sa mundo.

_____ 13. Pagkasira ng mga ari-arian, daan, tulay at iba pang mga imprastruktura.

_____ 14. Pakikialam ng mga Ruso sa mga estado sa Balkan dahil marami sa kanilang kalahing Ruso ay mga *Greek Orthodox*.

_____ 15. Paglakas ng *Central Powers* sa larangan ng pamamahala matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig laban sa mga natalo.

- _____ 16. Pagsisikap ng Hapon sa layunin nito na magkaroon ng *Greater East-Asia Co-Prosperity Sphere*.
- _____ 17. Pagsusulong ng mga Hapon sa kaisipan ng mataas na uri ang lahing Asyano tulad ng mga Kanluranin o Europeo.
- _____ 18. Paglaganap ng galit laban sa mga Hudyo dahil sa paniniwalang sila ang pumatay kay Kristo.
- _____ 19. Pagtutunggali ng Pasitang *Nationalist Front* at Sosyalistang *Popular Army* sa pamumuno nito sa Espanya.
- _____ 20. Pagpigil sa suplay ng langis at pagtigil sa pagpasok ng mga ari-ariang Hapones sa Estados Unidos.

ARALIN 1

ANG UNANG DIGMAANG PANDAIGDIG



Ang araling ito ay tungkol sa mga pangyayaring nagbigay daan sa Unang Digmaang Pandaigdig at ang pakikilahok ng mga bansang magkakampi sa mga labanan. Sa aralin ding ito ay inaasahang makapagbibigay ka ng mga paraan tungo sa pandaigdigang pagkakaunawaan.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:


1. Matutukoy ang mga bansang magkakampi sa Unang Digmaang Pandaigdig;
2. Mailalahad ang mga sanhi ng pagsiklab ng Unang Digmaang Pandaigdig; at
3. Makapagbibigay ng mga paraan upang maipakita ang kahalagahan ng pagkakaunawaan.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Panuto: Suriing mabuti ang mapa na nagpapakita sa mga bansang magkakampi bago naganap ang Unang Digmaang Pandaigdig noong 1914.

Ilista ang mga bansang kabilang sa *Allied Powers*, *Central Powers*, at *Neutral Countries* sa listahan sa ibaba.



ALLIED POWERS
(Kulay Berde)

CENTRAL POWERS
(Kulay Kahel)

NEUTRAL COUNTRIES
(Kulay Itim)

_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____

Kalagayan ng Europa Bago Sumapit ang Taong 1914

Sa pagitan ng 1871-1914, ang mga bansang industriyalisado sa kanluraning Europa ay nasa rurok ng kanilang kapangyarihan. Sila ay naging matatag dahil sa industriyalisasyon. Pinabilis ng nasyonalismo ang pagpapalawak ng kanilang nasasakupan.

Mga Sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig

1. *Nasyonalismo*

Ang damdaming nasyonalismo ay nagbubunsod ng pagnanasa ng mga tao upang maging malayaang kanilang bansa. Kung minsan, ito ay lumalabis at nagiging panatikong pagmamahal sa bansa. Halimbawa, ang mga *Junker*, ang aristokrasyang militar ng Alemanya, ay nagpilit na sila ang nangungunang lahi sa Europa.

May mga bansa na masidhaing paniniwalang karapatan nila na pangalagaan ang mga kalahi nila kahit nasa ilalim ng kapangyarihan ng ibang bansa. Isang halimbawa ay ang pagnanais ng Serbia na angkinin ang Bosnia at Herzegovina na nasa ilalim ng Austria. Marami rin sa mga estado ng Balkan na *Greek Orthodox* ang relihiyon at ang pananalita ay tulad ng mga Ruso. Ito'y ginagawang dahilan ng Rusya upang makialam sa Balkan. Gusto ring maangkin ng Rusya ang Constantinople upang magkaroon siya ng daungang ligtas sa yelo.

Sa kabilang dako, nais angkinin ng Italya ang Trent at Trieste na sakop din ng Austria. Ang Pransya naman ay nagnanais ding mapabalik sa kanya ang Alsace-Lorraine na inangkin ng Alemanya noong 1871 bunga ng digmaan ng Pransya at PRusya. Dahil dito, ipinalagay ng maraming Pranses na natural nilang kaaway ang mga Aleman.

2. Imperyalismo

Isang paraan ng pagpapalawak ng pambansang kapangyarihan at pag-unlad ng mga bansang Europeo ang pag-aangkin ng mga kolonya. Ang pag-uunahan ng mga makapangyarihang bansa na sumakop ng mga lupain at magkaroon ng kontrol sa pinagkukunang-yaman at kalakal ng Aprika at Asya ay lumikha ng samaan ng loob at pag-aalitan ng mga bansa. Sinalungat ng Britanya ang pag-aangkin ng Alemanya sa Tanganyika (East Africa) sapagkat balakid ito sa kanyang balak na maglagay ng transportasyong riles mula sa Cape Colony patungong Cairo. Tinangka namang hadlangan ng Alemanya ang pagtatatag ng French Protectorate sa Morocco sapagkat naiinggit ito sa mga tagumpay ng Pransya sa Hilagang Aprika. Sa gitnang silangan, nabahala ang Inglatera sa pagtatatag ng Berlin-Baghdad Railway sapagkat ito'y panganib sa kanyang *lifeline* patungong India. Ang pagpapalawak ng hangganan ng Austria sa Balkan ay tumawag ng pansin at mahigpit na pagsalungat ng Serbia at Rusya. Naging kalaban din ng Alemanya ang Britanya at Hapon sa pagsakop sa Tsina. Hindi nasiyahan ang Alemanya at Italya sa pagkakahati-hati ng Aprika sapagkat kaunti lamang ang kanilang nasakop samantalang malaki ang nabahagi ng Inglatera at Pransya.

3. **Militarismo**

Upang mapangalagaan ang kani-kanilang teritoryo, kinakailangan ng mga bansa sa Europa ang mahuhusay at malalaking hukbong sandatahan sa lupa at karagatan. Kaugnay nito ang pagpaparami ng armas. Ito ang naging ugat ng paghihinalaan at pagmamatyagan ng mga bansa. Nagsimulang magtatag ng malalaking hukbong pandagat ang Alemanya. Ipinalagay na ito'y tahasang paghamon sa kapangyarihan ng Inglatera bilang Reyna ng Karagatan.

4. **Pagbuo ng mga Alyansa**

Dahil sa inggitan, paghihinalaan at lihim na pangamba ng mga bansang makapangyarihan, dalawang magkasalungat na alyansa ang nabuo – ang *Triple Entente* at ang *Triple Alliance*. Ang una'y binubuo ng Alemanya, Austria-Hungary at Italya. Ang mga bansa sa loob ng bawat grupo ay nagkasundong magtutulungan kung sasalakayin ang alinman sa kanila.

Ang *Triple Alliance* ay itinatag ni Bismarck noong 1882 upang mapaghiwalay ang Pransya at mawalan ito ng kakampi. Ang isa pang layunin ng Alemanya ay upang mapigilan ang impluwensya ng Rusya sa Balkan.

Ang *Triple Entente* ay binuo para mapantayan ang kapangyarihan ng *Triple Alliance*. Ito ang resulta ng pagkakahiwalay ng unawaan ng Pransya at Rusya noong 1884 (*Dual Alliance*), ng Pransya at Britanya noong 1904 (*Entente Cordiate*) at ng Britanya at Rusya noong 1907. Ang dahilan ng pagsali ng Pransya sa *Triple Entente* ay upang gumanti sa Alemanya. Ang Rusya naman, gaya ng nabanggit na, ay karibal ng Alemanya at Austria sa rehiyon ng Balkan.

5. **Pandaigdig na Hidwaan (International Anarchy)**

Ang *Hague Court of Arbitration* na itinatag noong 1899 ay hindi naging mabisa dahil hindi naman obligado ang isang bansang mapailalim dito. Ang unang pagpupulong sa Hague noong 1899 na pinatnubayan ni Czar Nicholas II ng Rusya ay nagtatag sa samahan ngunit nabigo rin sa pagbabawas ng mga armas. Ang pangalawang pagpupulong sa Hague ay noong 1907, sa mungkahi ni Pangulong

Theodore Roosevelt. Nabigo rin ito sa layuning magpabawas ng armas ngunit nagkaroon ng unawaan tungkol sa lalong makataong paglalabanan. Sa kasamaang-palad, ang mga kasunduang ito ay nabura nang sumiklab ang Unang Digmaang Pandaigdig.

6. ***Mga Pandaigdig na Krisis Bago Sumapit ang Unang Digmaang Pandaigdig***

Isang dekada bago sumapit ang Unang Digmaang Pandaigdig (1905-1914) sunud-sunod ang nangyaring krisis sa pagitan ng mga bansa na tuwirang nagbigay-daan sa pandaigdig na alitan.

1. Krisis sa Morocco noong 1905

Hinamon ng Alemanya ang karapatan ng Pransya na magtatag ng *Protectorate* sa Morocco

2. Krisis sa Balkan noong 1908

Sinakop ng Austria ang Bosnia at Herzegovina. Ang nakatira rito ay mga Slav, na may sariling ambisyong maangkin ang lalawigang ito.

3. Krisis sa Morocco noong 1912

Ang pangatlong krisis na ito'y ang pagsakop ng hukbong sandatahang Pranses sa Fez, punong-bayan ng Morocco, upang papayapain ang lugar.

4. Krisis sa Balkan noong 1913

Sinakop ng Serbia ang Albania nang talunin niya ang Turkey sa digmaang Balkan. Sa wakas, wari'y natupad na rin ang kanyang ambisyong magkaroon ng lusutan tungo sa Dagat Adriatiko.



Archduke Francis Ferdinand

Noong ika-28 ng Hunyo, 1914, si Archduke Francis Ferdinand, tagapagmana sa trono ng Austria ay dumalaw sa Sarajevo, Bosnia. Siya ay pataksil na pinatay ni Gavrilo Princip, isang Serbian na naninirahan sa Bosnia. Si Princip at ang kanyang kasama ay kabilang sa *The Black Hand*, isang grupong teroristang laban sa Austria. Naghinala ang Austria na may kinalaman ang Serbia sa pangyayari, at agad nagpadala ng ultimatum ang Austria sa Serbia. Ang mga itinalaga sa ultimatum ay hindi katanggap-tanggap ng Serbia kung kayat iminungkahi nitong isangguni sa *Hague Court* ang suliranin. Hindi nasiyahan ang Austria sa kasagutan at noong ika-28 ng Hulyo, 1914, ito ay nagpahayag ng pakikidigma laban sa Serbia.

Ang pagsisimula ng Unang Digmaag Pandaigdig

Sinuportahan ng Alemanya ang tangka ng Austria na mapahina ang Serbia. Hindi rin naman mapayagan ng Rusya na mapahina ang Serbia kayat humanda na

itong tumulong. Ang Pransya ay nakahanda ring tumulong sa Rusya.

Alam ng Alemanya na kung makakalaban niya ang Rusya, makakalaban din niya ang Pransya.

1. **Ang Digmaan sa Kanluran**

Dito naganap ang pinakamainit ng labanan noong Unang Digmaang Pandaigdig. Ang bahaging nasakop ng digmaan ay mula sa hilagang Belhika hanggang sa hangganan ng Switzerland.

Lumusob sa Belhika ang hukbong Alemanya at ipinagwalang-bahala nitong huli ang pagiging *neutral* na bansa nito. Ito ang paraang ginamit nila upang malusob ang Pransya. Ngunit sila'y inantala ng magiting na pagsasanggalang ng mga taga-Belhika sa Leige.

2. **Ang Digmaan sa Silangan**

Lumusob ang Rusya sa Prusya (Germany) sa pangunguna ni Grand Duke Nicholas, pamangkin ni Czar Nicholas II. Ngunit noong dumating ang saklolo ng Alemanya, natalo ang hukbong Ruso sa Digmaan ng Tannenberg.

Sa Galicia ay nagtagumpay ang Hukbong Ruso. Ngunit hindi nagtagal ang tagumpay nila. Sila ay pinahirapan ng mga Aleman sa Poland. Dito tuluyang bumagsak ang hukbong sandatahan ng Rusya. Ang sunud-sunod nilang pagkatalo ay naging dahilan din ng pagbagsak ng dinastiyang Romanov noong Marso, 1917 at ang pagsilang ng Komunismo sa Rusya. Upang makaiwas na ang Rusya sa digmaan, nakipagkasundo si Lenin sa ilalim ng pamahalaang Bolshevik sa Alemanya sa pamamagitan ng paglagda sa Treaty of Brest-Litovsk. Iniwan ng Rusya ang mga Alyado at sumapi sa *Central Powers*.

3. **Ang Digmaan sa Balkan**

Lumusob ang Austria at tinalo ang Serbia pagkaraan ng ilang buwan. Upang makaganti ang Bulgaria sa kanyang pagkatalo, sumapi ang Bulgaria sa *Central Powers* noong Oktubre, 1915. Sa taong 1916, karamihan sa mga estado ng Balkan ay napasailalim na ng *Central Powers*.

Ang Italya naman ang tumiwalag sa *Triple Alliance* at nanatiling neutral pansamantala hanggang 1915. Sa taong ito sumali siya sa magkaanib na bansa. Hinangad niyang maangkin ang mga teritoryong Latin na hawak ng Austria (Italy Irrendenta) at ang mga kolonya nito sa Aprika. Ang Turkey ay kumampi sa Alemanya upang mapigilan ang Rusya sa pag-angkin sa Dardanelles.



4. **Ang Digmaan sa Karagatan**

Sa unang bahagi ng digmaan ay nagkasubukan ang mga hukbong pandagat ng Alemanya at Britanya. Ang lakas pandagat ng Britanya ay naitaboy ng mga barkong pandigma ng Alemanya mula sa Pitong Dagat (*Seven Seas*). Kumanlong ang bapor ng Alemanya sa Kanal Kiel. Naging mainit ang labanan. Makapangyarihan ang hukbo ng mga alyado sa dagat. Sa kabilang dako, ang mga mabibilis na *raider* at mga submarinong *U-boats* ng kanilang kalaban ay nakagawa ng malaking pinsala sa kalakalang pandagat ng mga Alyado. Ang pinakamabagsik na raider ng Alemanya ay ang *Emden*. Sa dakong huli, napalubog ito ng Sydney, isang Australian cruiser.

5. **Ang Paglahok ng Estados Unidos sa Digmaan**

Ang pagsali ng Estados Unidos sa digmaan ay nakapagpabago sa takbo ng kasaysayan. Halos tatlong taon mula noong mag-umpisa ang digmaan ay nanatiling neutral ang Estados Unidos. Nagpalabas ng *Proclamation of Neutrality* si Pangulong Woodrow Wilson noong mag-umpisa ang digmaan. Ngunit noong Abril, 1917 ay nagpahayag ng pakikidigma ang Estados Unidos laban sa Alemanya. Ang dahilan ng pagbabago ng desisyon ng Estados Unidos ay ang mga sumusunod:



Pangulong Woodrow Wilson

1. Ang pagkamatay ng maraming Amerikano dahil sa walang humpay na pagrapido ng mga hukbong Aleman sa barkong sinasakyan, ang Lusitania, isang barkong Ingles. Ang pagpapalubog sa Lusitania at kasama ang maraming Amerikano noong Mayo 1915 ang malaking sanhi ng pagkagalit ng mga Amerikanosa mga Aleman at pagdedeklara nito ngpakikidigma sa Alemanya.
2. Ang mahusay na propagandista ng mga bansang alyado ay humikayat sa

galit ng mga Amerikano laban sa Alemanya. Isa pang dahilan ay ang *Zimmerman Note*. Ang *Zimmerman Note* na nakuha ng *British Intelligence Service* ay nagbunyag sa balak ng mga Aleman na hikayatin ang mga Mexicano at Hapones na makidigma sa Amerika. Lubos na naniniwala ang mga demokratikong bansa sa sinabi ni Pangulong Wilson na “ang mundo ay kailangang maging ligtas alang-alang sa ikauunlad ng demokrasya”.

Noong taong 1917, nagpadala ang Estados Unidos ng *American Expeditionary Forces* na may lakas na dalawang milyong katao sa pangunguna ni Heneral John J. Pershing. Tumulong din sila nang malaki sa Digmaan ng Argonne Forest na siyang nagbigay daan sa tuluyang pakatalo at pagsuko ng Alemanya noong 1918. Humingi itong huli ng amnestiya. Ito ay nilagdaan sa loob ng kagubatan ng *Compeigne* sa ganap na ika-11 ng umaga sa araw ring iyon. Biglang nanahimik ang daigdig nang matigil ang putukan. Sa huli ay nagtagumpay ang mga Alyado.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Panuto: Isulat sa bawat sibak ng kahoy ang mga tinalakay na pangyayari na naging sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig

Ano kaya ang naging pinakahuling sanga na lalong nagpasiklab sa digmaan noong 1914?



Tandaan Mo!

- Sa pagitan ng 1871-1914, ang mga bansang industriyalisado sa Kanluraning Europa ay nasa rurok ng kanilang kapangyarihan. Naging sentro ng daigdig ang Europa dahil sa kaunlaran at kalakalan. Naging sentro rin ito ng pandaigdigang alitan at di-pagkakaunawaan ng mga bansang makapangyarihan.
- Ang mga sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig ay ang nasyonalismo, imperyalismo, militarismo, pagbuo ng mga alyansa, pandaigdig na hidwaan at mga pandaigdigang krisis tulad ng mga pangyayari sa Morocco at Balkan.
- Ang pagpaslang kay Archduke Francis Ferdinand noong 1914, ang tagapagmana sa trono ng Austria na dumalaw sa Sarajevo, Bosnia, ang nagpasiklab sa Unang Digmaang Pandaigdig.



Gawain 3: Paglalapat

Sa iyong natutuhan sa aralin, nagsimula ang Unang Digmaang Pandaigdig sa mga maliliit na hidwaan at samaan ng loob sa pagitan ng mga bansa. Nagpapatunay na ang hindi pagkakaunawaan ay maaring mauwi sa matinding kapahamakan.

Bilang isang mag-aaral, sa paanong paraan mo maipapakita ang kahalagan ng paglutas sa mga pangyayaring nagdudulot ng hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng iyong kapwa mag-aaral? Magbigay ng ilang hakbang upang ito ay iyong maisakatuparan.

1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

5. _____

ARALIN 2

MGA EPEKTO SA MGA BANSA NG UNANG DIGMAANG PANDAIGDIG.



Ang araling ito ay tungkol sa mga pagbabagong naganap sa Europa at mga pagsisikap ng mga bansa na matamo ang kapayapaan matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig. Tatalakayin din ang mga pangunahing dahilan ng mga bansa upang mapanatili ang kapayapaan at maiwasan ang digmaan.




Matapos ang araling ito ay inaasahan na iyong:

1. Matatalakay ang mga pagbabagong naganap sa Europa bago at pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig noong 1914-1918;
2. Maipapaliwanag ang nilalaman ng bawat pagsisikap na isinagawa ng mga pangunahing bansa tungo sa kapayapaan: at
3. Maitatala ang mga pangunahing dahilan sa pagkabigo ng mga bansa sa daigdig na mapanatili ang kapayapaan matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Panuto: Muli mong tingnan ang mapa na nasa Aralin 1. Ihambing mo ito sa mapa na nasa ibaba. Isulat mo ang mga naging pagbabago mula sa naunang mapa at sa mapang ito sa ibaba na naglalarawan sa Europa matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig



Anu-ano ang inaakala mong mga naging pagbabago sa Europa?

1. _____

2. _____

3. _____

Mga Naging Bunga ng Unang Digmaang Pandaigdig

Matinding pinsala ang naidulot ng Unang Digmaang Pandaigdig sa buhay at ari-arian. Ang namatay sa labanan ay tinatayang umabot sa 8,500,000 katao. Ang mga nasugatan ay tinatayang 22,000,000 at ang mga namatay na sibilyan sa gutom, sakit at paghihirap ay 18,000,000. Napakaraming ari-arian ang nawasak at naantala ang kalakalan, pagsasaka at iba pang gawaing pangkabuhayan. Ang nagastos sa digmaan ay tinatayang umabot sa 200 bilyong dolyar.



Ang mapa ng Europa ay sadyang nabago. Ang kalagayang pampulitika sa buong daigdig ay nag-iba. Ang Austria at Hungaria ay nagkahiwalay. Ang mga bansang Latvia, Estonia, Lithuania, Finland, Czechoslovakia, Yukoslavia at Albanya ay naging malalayang bansa.

Apat na imperyo sa Europa ang nagwakas, ang mga Hohenzollern ng Alemanya, mga Hapsburg ng Austri-Hungary, Romanov ng Rusya at Ottoman ng Turkey.

Nabigo ang mga bansa sa pagkakaroon ng pangmatagalang kapayapaaan sa daigdig. Ang mga itinalaga ng kasunduan sa Versailles ay nagtanim ng hinanakit sa Alemanya. Lubhang marahas ang mga parusang iginawad sa Alemanya. Ang pagkapahiya ng Germany ay naging dahilan kung bakit ang bansang ito ay naghanda na naman upang muling makipaglaban sa mga bansang alyado.

Mga Kasunduang Pangkapayapaan

Ang mga nanalong bansa ay umisip ng paraan upang maiwasan ang muling pagsiklab ng digmaan na inakala nilang nagiging salot sa kapayapaan ng mundo. Sila ay bumalangkas ng mga kasunduang pangkapayapaan na naganap sa Paris noong 1919-1920. Ang mga pagpupulong na ito ay pinangunahan ng tinatawag na *Big Four*: Pangulong Woodrow Wilson ng Estados Unidos; Punong Ministro David Llyod George ng Britanya; Vittorio Emmanuel Orlando ng Italya; at ang Punong Ministro Clemenceau ng Pransya. Ang pangunahing nilalaman ng mga kasunduan ang ibinatay sa Labing-apat na Puntos (*Four Points*) ni Pangulong Wilson.

Ang Labing-apat na Puntos ni Pangulong Woodrow Wilson

Binalangkas ni Pangulong Wilson noong Enero, 1918, dito napapaloob ang mga layunin ng Estados Unidos sa pakikidigma. Ito'y naglalaman din ng kanyang mga ideya ukol sa isang “kapayapaang walang talunan” para sa kapakinabangan ng lahat ng bansa. Ilan sa mga puntos na napagkasunduan ay:

1. Katapusan ng lihim na pakikipag-ugnayan;
2. Kalayaan sa karagatan;
3. Ang pagbabago ng mga hangganan ng mga bansa at ang paglutas sa suliranin ng mga kolonya ayon sa sariling kagustuhan ng mga mamamayan o *self-determination*;
4. Pagbabawas ng mga armas;
5. Pagbabawas ng taripa;
6. Pagbuo ng Liga ng Mga Bansa.

Mga Lihim na Kasunduan Lingid sa Kaalaman ni Pangulong Wilson

Ngunit lingid sa kaalaman ang Britanya, Pransya at iba pang mga bansang alyado ay gumawa ng lihim na kasunduang sila-sila ay maghahati sa kolonya at teritoryo ng mga *Central Powers*. Halimbawa, pinangakuan ang Italya ng mga teritoryong hindi naman Italyano, at ang paghati-hati ng mga teritoryo ng Turkey sa ilalim ng iba't ibang impluwensya.

Ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang Kasunduan sa Versailles. Pinaghati-hati ang mga probinsya ayon sa mga sumusunod:

1. Nawalang lahat ang mga kolonya ng Alemanya. Ibinigay ang mga teritoryong Posen, Kanlurang PRusya at ang Silesia sa bagong Republika ng Poland. Ang Danzig ay naging malayang lungsod sa pangangasiwa ng mga alyado bilang *mandate*.
2. Ang Alsace-Lorraine ay naibalik sa Pransya. Ang Saar Basen ay napasailalim ng pamamahala ng Liga ng mga Bansa sa loob ng labinlimang taon.
3. Ang Hilagang Schleswig ay ibinigay sa Denmark.
4. Ang hukbong sandatahan ng Alemanya sa lupa at sa dagat ay lubhang pinahina. Binawasan ito ng marami at ang pinaglalakbayang ilog ng Alemanya at ang kanilang mga partisipasyon sa anumang digmaan ay ipinagbawal.

5. Ang Kanal Kiel at ang lahat ng mga pinaglakbayang ilog ay ginawang pang-internasyonal.
6. Pinagbawalang gumawa ng mga armas at amyunisyon ang Alemanya.
7. Ang Alemanya ay pinapangakong magbayad ng malaking halaga sa mga bansang napinsala bilang reparasyon. Ang layunin ng mga gumawa ng kasunduang ito ay upang lubusang pilayin ang Alemanya nang hindi na ito muling magtangkang gambalain ang kapayapaan ng daigdig.

Ang Liga ng Mga Bansa

Ang pagkakaroon ng isang pandaigdig ang samahan ng mga bansa ay matagal nang pangarap ni Pangulong Wilson. Sa wakas, nagtagumpay siya sa panghihikayat sa mga pinuno ng mga bansang alyado itatag at upang sumapi sa Liga ng mga Bansa. Ang konstitusyon nito ay napapaloob sa kasunduan sa Versailles at ang mga layunin ay ang mga sumusunod:

1. Upang maiwasan ang digmaan;
2. Upang maprotektahan ang mga kasaping bansa sa pananalakay ng iba;
3. Lumutas sa mga usapin at sa hindi pagkakaunawaan ng mga kasapi;
4. Palaganapin ang pandaigdig na pagtutulungan, at
6. Maipalaganap ang mga kasunduang pangkapayapaan.

Ang ilan sa mga nagawa ng Liga ng Mga Bansa ay ang mga sumusunod:

1. Napigil nito ang ilang maliliit na digmaan sa pagitan ng Finland at Sweden noong 1920, Bulgaria at Gresya noong 1925, at Colombia at Peru noong 1934.
2. Pinangasiwaan nito ang mga iba't ibang *mandates*.
3. Pinangasiwaan nito ang rehabilitasyon ng mga sundalo pagkatapos ng digmaan.

Ang Pagkabigo ng Liga ng mga Bansa

Winalang-bahala ng Italya ang mga kasunduan ng Liga nang makipag-away ito sa Gresya noong 1923. May dalawang pangunahing pangyayari na sumira ng tiwala ng mga kasapi sa Liga. Una, lumusob ang Hapon at sinakop nito ang Manchuria, isang teritoryo ng Tsina. Nang binatikos ng *Lytton Commission* ng Liga ang Hapon sa kanyang ginawa, agad itong tumiwalag sa Liga ng mga Bansa. Ikalawa, noong 1935, nilusob ng Italya ang Ethiopia. Ipinalagay ng marami na ito na ang huling paghamon sa kakayahan ng Liga sa tungkuling pagpapayapa.

Marami ang dahilan kung bakit bigo ang Liga ng mga Bansa. Una, hindi lahat ng makapangyarihan at malalaking bansa ay kasapi. Ang Estados Unidos ay hindi kasapi. Noong una, ang Alemanya ay hindi pinayagang sumali ngunit pinayagan din sa bandang huli. Ang Rusya ay sumali lamang noong 1934. Sa taong ito ay tumiwalag ang Alemanya at Hapon. Hindi makapagtatagumpay ang isang pandaigdigang organisasyon kung hindi kasapi rito ang malalaking bahagi ng mundo.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Panuto: Isulat sa ikalawang kolumn ang mahahalagang nilalaman o itinadhana ng ilan sa mga pagsisikap na isinagawa upang matamo ang kapayapaan matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig.

Pagsisikap Tungo sa Kapayapaan

1. Kasunduang Pangkapayapaan
(Paris 1919-1920)

Nilalaman

2. Labing-apat ng Puntos ni
Pangulong Woodrow Wilson
(Enero, 1918)

3. Kasunduan sa Versailles

4. Ang Liga ng mga Bansa



Tandaan Mo!

- Matinding pinsala ang naidulot ng Unang Digmaan Pandaigdig sa pagkawala ng maraming buhay at pagkawasak ng mga bansa at at ari-arian. Ang apat na imperyo sa Roma ay nagwakas din.
- Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig, nag-isip ng mga planong pangkapayapaan ang *Big Four* na binubuo ng Estados Unidos, Britanya, Italya, at Pransya. Nagpalabas si Pangulong Wilson ng Labing-apat na Puntos upang maiwasan ang mga susunod pang digmaan.
- Ang Britanya, Pransya at iba pang mga bansang alyado ay nagsagawa rin ng lihim na kasunduang sila-sila ay mahahati sa mga dating kolonya at teritoryo ng mga *Central Powers*. Ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang Kasunduan sa Versailles na nagdulot ng maraming *sanction* sa Alemanya na nagbigay ng malaking hinanakit dito.
- Naitatag pagkatapos ng digmaan ang pandaigdigang Liga ng mga Bansa na ang pangkalahatang layunin ay ang pagtutulungan, at hindi ang digmaan, ng mga bansa sa daigdig.



Gawain 3: Paglalapat

Mula sa iyong napag-aralan sa araling ito, magbigay ng limang dahilan kung bakit nabigo ang mga pagsisikap na matamo ang pandaigdigang kapayapaan matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6. _____

ARALIN 3

ANG IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG



Ang araling ito ay tungkol sa tunggalian ng mga bansa sa pagitan ng nabuong *Allied Powers* at ang mga mahalagang pangyayari na may kaugnayan sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Marahil ay nagtataka ka kung bakit hindi naiwasan ang muling pagsiklab ng ganitong uri ng digmaan sa kabila ng malagim na pinsalang. Suriin sa araling ito nag mga sanhi at ang mahahalagang kaganapan sa pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.





Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang mga bansang magkakaalyado noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig na nahati sa mga puwersang *Allied* at *Axis*;
2. Masusuri ang mga pangyayari sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig at matataya ang pinsalang naidulot nito; at
3. Makapagbibigay ng sariling paraan sa pamamagitan ng 3-5 pangungusap upang maiwasan ang digmaan gaya ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Pagmasdang mabuti ang mga bandila. Pagkatapos ay piliin mo ang inaakala mong tatlong pangunahing bansa sa *Allied Powers* at gayon din ang 3 pangunahing bansa kabilang sa *Axis Powers*. Bilugan (○) mo ang mga bandila ng mga bansang kabilang sa *Allied Powers*; at ikahon (□) mo naman ang mga kabilang sa *Axis Powers*.



Mga Sanhi ng Digmaan

Hindi pa man lubusang nakakabangon sa mga pinsala ng digmaan ang mga bansa sa daigdig, muling umigting ang mga hidwaan sa pagitan ng mga bansa. Dala na rin ito ng nasimulang ambisyon ng mga makapangyarihang bansa na maipagpatuloy ang pananakop at pagpapalawak ng kanilang teritoryo. Ang mga pangyayari naganap at nagpasiklab ng ikalawang Digmaang Pandaigdig ay ang mga sumusunod:

1. *Pag-agaw ng Hapon sa Manchuria*

Noong 1931, inagaw ng Hapon ang lunsod ng Manchuria. Kinundena ng Liga ng mga Bansa ang Hapon at sinabing ang ginawang ito ay paglusob. Kasunod ng pagkundena, ang Hapon ay itiniwalag sa Liga ng mga Bansa.

2. **Pag-alis ng Alemanya sa Liga ng mga Bansa**

Ang Alemanya naman ay tumiwalag sa Liga noong 1933, sapagkat ayon sa mga Aleman, ang pag-aalis at pagbabawal ng Liga sa pagsasandata ng Alemanya ay isang paraan ng pag-aalis ng karapatan nito na itatag na muli ang pag-aarmas. Matapos tumiwalag ang Alemanya sa Liga, pinasimulan ni Adolf Hitler, ang lider ng Nazi, ang muling pagtatatag ng sandatahang lakas ng bansa. Nagmithi si Hitler na labagin ang kasunduan sa Versailles na naglagay sa Alemanya sa kahiya-hiyang kondisyon sa daigdig. Upang makabangon sa pagkagapi sa Unang Digmaang Pandaigdig, pinagbalakang mabuti ni Hitler ang pananakop na muli.

Bilang sagot ng mga bansa sa paghahanda ng Alemanya, ang Pransya ay nakipag-alyansa sa Rusya laban sa Alemanya, samantalang ang Inglatera naman ay pinalilimitahan ang bilang o laki ng puwersa ng Alemanya. Dahil dito, nagpadala ang Alemanya ng tropa sa SONA kung saan dapat ay walang militar ayon sa Kasunduan ng Versailles.

3. **Pagsakop ng Italya sa Ethiopia**

Sa pamumuno ni Benito Mussolini, sinakop ng Italya ang Ethiopia noong 1935. Tuwirang nilabag ng Italya ang Kasunduan sa Liga (*Covenant of the League*)

4. **Digmaang Sibil sa Espanya**

Nagsimula ang digmaan sibil sa Espanya noong 1936 sa pagitan ng dalawang panig: ang fascistang *Nationalist Front* at ang sosyalistang *Popular Army*. Nanalo ang mga Nasyonalista. Marami ang nadamay sa digmaang sibil ng Espanya dahil sa pakikialam ng ibang bansa.

5. **Pagsasanib ng Austria at Alemanya**

Nagnasa ang mga mamamayang Austriano na maisama ang kanilang bansa sa Alemanya. Ngunit ang pagsisikap na ito ay sinalungat ng mga bansang kasapi sa *Allied Powers* (Pransya, Gran Britanya at Estados Unidos). Dahil sa

kasunduan sa pagitan ng Italya at Alemanya na kinalabasan ng Rome – Berlin *Axis* noong 1936, ang pagtutol ni Mussolini sa nasabing unyon ng Austria at Alemanya ay nawalan ng bisa noong 1938. Ang pagnanasang ito sa unyon ay natupad.

6. ***Suliranin sa Czechoslovakia***

Noong 1938, matapos makuha ni Hitler ang Austria, isinunod naman ng mga Aleman ang misyon sa Czechoslovakia. Ang diplomat ni Hitler ay nanghingi sa pamahalaan ng Prague na bigyan ng kumpletong awtonomiya ang Sudeten, isang rehiyon sa Czechoslovakia na maraming Aleman. Dahil dito, humingi ng tulong ang Czechoslovakia sa Pransya at Inglatera na tinanggihan naman ng dalawa.

Noong Setyembre 1938, hinikayat ni Hitler ang mga Aleman sa Sudeten na magpursigi sa pagtatamo ng kanilang awtonomiya. Dahil dito, hinikayat ng Inglatera si Hitler na magdaos ng isang pulong sa Munich. Ngunit nasakop ni Hitler ang Sudeten, at noong 1939, ang mga natitirang teritoryo sa Czechoslovakia ay napunta pa rin sa Alemanya.

7. ***Paglusob ng Alemanya sa Poland***

Ang huling pangyayari na nagpasiklab sa Ikalawang digmaang Pandaigdig Digmaan ay ang pagpasok ng mga Aleman sa Poland noong 1939. Ang pagsakop na ito ay pagbaliktad ng Alemanya sa Rusya na kapwa pumirma sa kasunduang Ribbentrop-Molotov, isang kasunduan ng hindi pakikidigma. Ang pagbaliktad na ito ay dulot ng mga sumusunod na pangyayari:

1. Ang hindi pagsali ng Rusya sa negosasyon tungkol sa krisis ng Czechoslovakia.
2. Ang pagkainis ng Rusya sa Inglatera nang ang ipinadalang negosyador ng Inglatera sa Kasunduan ng Pagtutulungan (*Mutual Assistance Pact*) ay hindi importanteng tao.

Ang Takbo ng Digmaan

Matapos masakop ni Hitler ang Poland, ipinahayag niya na hindi siya hihingi ng pabor sa mga ibang bansa ngunit dahil sa ilang ulit na siyang di tumupad sa pangako, lalong naghanda ang mga *Allies* para sa anumang mangyayari. Ang mga Pranses ay nagtatag ng isang depensa sa pamamagitan ng pader na konkreto na tinawag na *Maginot Line*. Nagtatag din ng mga depensa ang mga bansa at nagpalakas ng kanilang hukbo.

Ang Pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Noong tag-araw ng 1939, si Hitler at ang kanyang hukbo ay sumalakay sa Austria at Czechoslovakia. Pagkatapos, nais niyang kunin mula sa Poland ang *Baltic Port* at ang *Polish Corridor*. Tumanggi ang Poland, kayat nagkaroon ng krisis.

Noong unang araw ng Setyembre 1939, ang puwersa ng Nazismo sa lupa at himpapawid ay sumalakay sa Poland. Ipinaglaban ng mga magigiting na taga-Poland ang kanilang kalayaan. Nang mabatid ito ng Britanya at Pransya, sila ay nagpahayag ng pakikidigma sa Alemanya. Noong ika-17 ng Setyembre, ang Rusya na may lihim na kasunduan kay Hitler ay sumalakay rin sa Poland sa gawing Silangan. Hindi nagtagal, ang Poland ay nalupig. Ang Poland ay pinaghatian ng Alemanya at Unyong Sobyet nang walang labanan.

Ang Digmaan sa Europa

Sa kanlurang Europa, ang mga hukbong Pranses at Ingles ay nag-abang sa likod ng *Maginot Line*. Hindi kaagad sumalakay dito ang mga Aleman pagkatapos nilang masakop ang Poland.

Noong Abril 1940, ang *Phony War* ay biglang natapos sapagkat sinimulan ni Hitler ang kanyang *blitzkrieg biglaang* (paglusob na walang babala). Ang mga taga-

Norway ay lumaban subalit madaling natalo samantalang ang mga taga-Denmark ay hindi lumaban.



Noong ika-10 ng Mayo 1940, ay biglang sinalakay ng mga Nazi ang neutral na mga bansa ng Belhika, Holland at Luxembourg. Binomba ng mga eroplanong Aleman ang mga bansang ito na kung tawagin ay *Low Countries* at sinira ang mga paliparan, pahatiran, at tulay. Ang Hukbong Ingles at Pranses ay sumugod sa *Low Countries* upang tulungan sila sa pakikipaglaban subalit sila ay natalo. Noong ika-14 ng Mayo, 1940, ang Holland ay sumuko at si Reyna Wilhelmina ay tumakas papuntang London. Noong ika-28 ng Mayo, 1940, ang Belhika ay sumuko na rin.

Ang Hukbong Pranses ay umurong sa tabing-dagat ng Dunkirk. Sa ganitong gipit na kalagayan ipinasya ng Punong Ministro ng Inglatera na si Winston Churchill na umurong ang hukbo. Ang kagitingang ipinamalas ng mga sundalo laban sa mga Aleman ay itinuring na Epiko ng Dunkirk.

Samantala ang Pransya na umasa sa *Maginot Line* bilang kanilang tanggulan ay nabigla nang dumating na lamang sa pintuan ng Paris ang mga Aleman noong ika-10 ng Hunyo, 1940. Bumagsak ang Paris at ang pamahalaan ay inilipat sa Bordeaux.

Mga Pagkabigo ni Hitler

Ang daigdig ay nangilabot sa karahasan ni Hitler at ng puwersang Aleman. Bumagsak ang Pransya. Nilusob ng Inglatera na naiwanan nang nag-iisa sa pakikipaglaban sa Alemanya.



Humingi ng armas sa Estados Unidos ang Inglatera sapagkat nawala ang lahat ng ito sa dalampasigan ng Dunkirk. Nagpakita ng pambihirang kagitingan at kabayanihan ang mga Ingles sa kanilang pakikipaglaban sa mga Aleman. Hindi napasuko ng mga *Nazi* ang mga Ingles sa pamamagitan ng pagsalakay sa himpapawid. Natiis ng mga mamamayang Ingles ang araw-araw na pag-ulan ng mga bomba. Mahigit na 15,000 Ingles ang namatay at 20 porsyento ng mga gusali sa London ang nawasak. Nabigo si Hitler sa pagsakop sa Inglatera. Ito ang kanyang unang pagkabigo.

Ito ay sinundan ng isa pang pagkabigo. Noong ika-22 ng Hunyo 1941, nilusob ng mga Aleman ang Rusya. Nagpadala si Hitler ng 3,000,000 hukbong *Nazi* sa Rusya. Natalo ang mga Ruso bagamat lumaban sila nang buong giting. Nakuha ng

mga Aleman ang Leningrad, Crimea, Ukraine, Sevastopol at Stalingrad. Nahininto lamang ang labanan pagdating ng taglamig. Samantala, biglang lumakas ang hukbo ng Rusya sa pagdating ng mga armas galing sa Estados Unidos. Natalo ang mga Aleman. Sila ay umurong at ang Leningrad at Stalingrad ay naligtas.

Ang Estado Unidos at ang Digmaan

Ang pananalo ng *Nazi* sa Europa ay nagdulot ng pangamba sa mga Amerikano. Nabahala sila sa kaligtasan ng Inglatera pati na ang layuning demokrasya. Nagpatibay ang Kongreso ng batas na *Lend Lease* na nagsasabi na ang Estados Unidos ay magbibigay ng kagamitang pandigma sa lahat ng lalaban sa mga kasapi ng *Axis Powers*. Naging miyembro ng puwersang Alyado ang Estados Unidos noong 1941.

Noong Agosto 1941, si Pangulong Roosevelt ng America at Punong Ministro Winston Churchill ng Inglatera ay nagpulong sa may baybayin ng Newfoundland. Doon, isinagawa nila ang isang kasunduan na kilala sa tawag na *Atlantic Charter*. Sinisiguro ng kasunduan na “pagkatapos wasakin ang tiraniya ng Nazi, lahat ng mga bansa ay mabubuhay sa kapayapaan, malaya sa takot at pangangailangan: at lahat ng mga bansa ay di na muling gagamit ng puwersa.”

Ang Digmaan sa Pasipiko

Samantalang ang mga Hukbong *Nazi* ay namiminsala sa Europa, ang Hukbong Hapones ay naghahanda sa Pasipiko. Upang ito ay masugpo, pinatigil ng Estados Unidos ang pagpapadala ng langis sa Hapon at kinumpiska ang lahat ng ari-arian ng Hapones sa Estados Unidos. Ang Punong Ministro na Hapon na si Hideki Tojo ay nagpunta kay Embahador Saburu Kurusu upang tulungan si Admiral Kichisaburu Nomura sa pakikipagtalastasan nang sa gayon ay maiwasan ang krisis ng Amerika at Hapon. Habang pinag-uusapan ang kapayapaan, ang mga Hapones ay naghahanda sa digmaan.



Noong ika-7 ng Disyembre 1941, biglang sinalakay ng mga Hapones ang Pearl Harbor, ang isa sa mga himpilan ng Hukbong Dagat ng Estados Unidos sa Hawaii. Ang pagtaksil na pagsalakay sa Pearl Harbor ay tinawag na “Araw ng Kataksilan.” Nagpahayag ng pakikipagdigma sa Hapon ang Estados Unidos, gayon din ang Britanya. Ang Alemanya at Italya ay sumugod sa panig ng Hapon at nagpahayag rin ng pakikipagdigma laban sa Estados Unidos noong ika-11 ng Disyembre, 1941.

Ilang oras matapos salakayin ang Pearl Harbor, ang mga eroplano ng Hapon ay sumalakay din sa Pilipinas at winasak ang hukbong panghimpapawid sa Clark Field, Pampanga. Lumunsad ang Hapon sa Hilagang Luzon. Ang Pilipinas, sa pamumuno ni Pangulong Manuel L. Quezon ng Pamahalaang Komonwelt, at si Heneral Douglas MacArthur ay magiting na lumaban. Nasakop ng Hapones ang Maynila noong ika-2 ng Enero, 1942. Ang pinakahuling pananggalang ng demokrasya ay ang Bataan at Corregidor. Samantala, nakapaghanda ang Austria at nabigo ang Hapon na masakop ito.

Kaalinsabay ng pananalakay sa Pilipinas ang pagsalakay at pagsakop ng mga Hapones sa Thailand, British Malaya, Hongkong, Guam, at Wake Islands. Narating

ng Hapon ang tugatog ng tagumpay sa pananakop sa Pasipiko nong 1942 at nagtatag sila ng *Greater East Asia Co-Prosperity Sphere*.

Unti-unti namang nakabangon ang Estados Unidos mula sa pagkatalo sa Pearl Harbor at sa Pilipinas. Gumawa agad ang mga Amerikano ng mga kagamitang pandigma bilang kapalit sa mga nawasak ng Hapon. Tinipon ang mga puwersang alyado at pinamumunuan ni Heneral Douglas MacArthur, na nakatakas mula sa Corregidor at nangako sa mga Pilipino ng "*I Shall Return*."



Gawain 2: Pagpapalawak ng Kaalaman

Ayusin ang ilang mahahalagang pangyayari noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa "*time table*". Suriin ang naging takbo ng digmaan sa pagitan ng *Allied Powers* at *Axis Powers* mula 1931 hanggang 1945. pagkatapos ay ilagay ang mga pangyayari sa tamang panahong nakatala sa ibaba.

- Umalis sa Liga ng mga Bansa ang Alemanya
- Sinakop ng Italya ang Ethiopia na isang paglabag sa *Covenant of the League*
- Nagdeklara ng digmaan ang Alemanya laban sa Estados Unidos
- Nilusob ng bansang Hapon ang Manchuria
- Sinakop ng Alemanya ang Austria
- Nilusob ng Alemanya ang Poland
- Nagkaroon ng *Tripartite Pact* ang mga bansang Hapon, Alemanya at Italya
- Sumuko na ang Hapon
- Sinalakay ng Hapon ang Pearl Harbor sa Hawaii at nagdeklara ang Estados Unidos ng digmaan laban sa Hapon
- Sinalakay ng Hapon ang Pilipinas
- Dumating ang *Allied Powers* sa Pransya na kilala bilang *D-Day*
- Nagpakamatay si Adolf Hitler
- Nagsimula ang digmaang sibil sa Espanya sa pagitan ng Fascistang Nationalist Front at Sosyalistang Popular Army
- Binomba ng Atomika ng Estados Unidos ang Hiroshima sa bansang Hapon

- Sinalakay ng Alemanya ang Denmark, Norway the Netherlands, Belhika, Luxembourg, at Pransya

1931

1933

1935

1936

Marso 1938

Sept 1, 1939

April-May 1940

Sept. 1940

Dec. 7, 1941

Dec. 8, 1941

Dec. 11, 1941

June 6, 1944

April 30, 1945

Aug. 6, 1945



Tandaan Mo!

- Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay labanan sa pagitan ng *Allied Powers* (Estados Unidos, Inglatera, Rusya at Pransya) at *Axis Powers* (Aleman, Hapon at Italya).
- Ang mga sanhi ng Ikalawang Digmaan Pandaigdig ay ang pag-agaw ng Hapon sa Manchuria noong 1931, ang pag-alis ng Alemanya sa Liga noong 1933, pagsakop ng Italya sa Ethiopia noong 1935, ang digmaang sibil noong 1936 sa Espanya, pagsakop ng Alemanya sa Austria, pagsakop ni Hitler sa parte ng Czechoslovakia, at ang pagpasok ng mga Aleman sa Poland noong 1939.
- Sinimulan ni Hitler ang kanyang blitzkrieg at noong ika-10 ng Mayo 1940, sa biglaang pagsalakay ng mga Nazi sa mga neutral na bansang Belhika, Holland at Luxembourg. Napabagsak din ang Pransya at nilusob ang Inglatera.
- Ang hukbong Aleman ni Hitler at ang hukbong Italyano ni Mussolini ang nanguna ng digmaan sa Europa, samantalang ang mga Hapones ang nanalanta sa Pasipiko at Asya.
- Ang Estados Unidos ay tumulong sa paghahatid ng mga kagamitang pandigma sa mga kaalyansa ng *Allied Powers* at sinumang bansang lumaban sa mga kasapi ng *Axis Powers*.
- Narating ng Hapon ang tugatog ng tagumpay ng pananakop sa Pasipiko noong 1942 at nagsimula silang magtatag ng *Greater East Asia Co-Prosperity Sphere*.



Gawain 3: Paglalapat

Panuto: Suriing mabuti ang mga larawan at magbigay ng 3-5 pangungusap ukol sa pinsalang naidulot ng digmaan sa mga buhay at ari-arian ng mga tao sa mundo. Ipaliwanag mo rin kung ano ang damdamin mo sakaling ikaw ang nakaranas ng mga pangyayaring nasa larawan.



ARALIN 4

ANG PAGKAWAWAKAS NG IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG AT ANG MGA PAGBABAGONG DULOT NITO



Ang araling ito ay tungkol sa pagsasalarawan ng mga pangyayari sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kasama din sa araling ito ang mga naging epekto ng digmaan sa tao at ang mga inaasahang hakbang ng *United Nations* upang mapanatili ang kapayapaan.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maibibigay ang kahulugan ng mga salita o konseptong may kaugnayan sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig;
2. Matutukoy ang mahahalagang pangyayayri na nakaapekto sa pagwawakas ng digmaang ito sa iba't ibang bahagi ng daigdig;
3. Mailalarawan sa pamamagitan ng isang maikling sanaysay ang inaasahang mangyayari sa mga tao matapos ang digmaan.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Mabubuo mo kaya ang mga salitang may kaugnayan sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig?

Ayusin mo ang mga titik na nasa bawat kahon upang malaman ang tamang sagot na tinutukoy sa bawat bilang.

1.

MANNODRY

Sa lugar na ito lumunsad ang hukbo ng mga *Allied Powers* upang simulan ang paglaban kay Hitler.

2. SHHIIMRAO
Isa sa dalawang lugar sa Japan na pinasabugan ng Bomba ng mga hukbong panghimpapawid ng Estados Unidos.
-
3. AMG NSABNAG KANIASGAKA
Sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nabuo ang samahang ito upang pangalagaan ang pandaigdigang kapayapaan.
-
4. CIGDEENO
Malawakang pagpatay na ginawa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig lalo na laban sa mga Hudyo.
-
5. SAG MBCEHRA
Lugar sa mga kampo na nagsisilbing lugar para sa mabilisan at maramihang pagpatay ng mga Hudyo noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
-
6. ATDHE ARMHC
Isang uri ng pagpaparusang ipinataw ng mga Hapon sa Pilipinas laban sa mga sumukong sundalong Pilipino at Amerikano sa Bataan.
-

7.

RBEMNEURG

Dito naganap ang paglilitis sa mga taong may kinalaman sa maraming buhay at ari-ariang nawasak noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Tagumpay ng mga Alyado sa Europa at Hilagang Aprika

Ang taong 1943 ay naging tanda ng pagbabago ng ihip ng digmaan para sa Alyadong Bansa. Ito ay nagsimula sa pagkakapanalo ng *Allied Powers* sa Hilagang Aprika noong ika-13 ng Mayo, 1945, na sinundan ng pagkabiha sa Sicily noong ika-11 ng Hunyo, at ang pagsuko ng Italya noong ika-3 ng Setyembre. Noong ika-6 ng Hunyo 1944, ang mga hukbong Alyado ay lumapag at dumaong sa Normandy samantalang sa Silangang Europa ay nilumpo ng mga Ruso ang mga hukbong *Nazi* at sinakop ang Berlin.

Habang nilalaban ni Heneral Montgomery ang mga *Nazi* sa Egypt, sinalakay naman ng mga puwersang Anglo-Amerikano sa pamumuno ni Heneral Dwight Eisenhower ang Morocco at Algeria. Noong ika-13 ng Mayo, pagkaraan ng matinding labanan, ang Hilagang Aprika ay napasakamay ng mga Alyadong Bansa.

Sa Hilagang Aprika at Sicily, ang pagkatalo ng mga hukbong Italyano ay nauwi sa pagbagsak ni Mussolini. Napaalis siya ni Pietro Badoglio. Si Mussolini ay nakatakas mula sa bilangguan at nagtungo ng hilagang Italya. Nagtatag siya ng bagong pamahalaang Fascista, ngunit di ito tinangkilik ng mga tao. Doon nahuli siya't pinatay kasama ng kanyang kinakasamang babae na si Clara Peracci noong ika-2 ng Abril, 1945.

Ang Pagbagsak ng Alemanya

Noong ika-6 ng Hunyo, 1944 (D-Day), ang puwersa ni Heneral Eisenhower ay lumapag sa Normandy, Pransya at pagkaraan ng ilang linggong paglalaban, natalo nila ang mga *Nazi*.

Noong Setyembre pinalaya ng mga Alyado ang Belhika. Nakipagsapalaran si Hitler at sinalakay ang mga alyado na malapit sa Luxembourg nong ika-6 ng Disyembre sa labanang tinawag na *Battle of the Bulge* kung saan natalo ang mga *Nazi*.

Sa huling araw ng Abril 1945, bumagsak ang Alemanya dahil sa pag-atake ng mga Alyado sa kanluran at ng mga Ruso sa Silangan. Napagtanto ni Hitler mula sa pinagtataguan ang kanyang pagkampi. Sa umaga ng ika-30 ng Abril, hinirang niya si Admiral Karl Doenitz bilang kanyang kahalili at sa hapon ding iyon, siya at ang kanyang kinakasamang babae na si Eva Brawn, ay nagpakamatay.

Noong ika-2 ng Mayo, nabihag ng mga Ruso ang Berlin. Noong ika-7 ng Mayo, tinanggap ang walang pasubaling tadhana ng pagsuko ng mga Aleman sa Rheims at nang sumunod na araw sa Berlin. Sa wakas ay sumapit din ang tinatawag na V-E Day (*Victory in Europe*).

Ang Tagumpay sa Pasipiko

Noong ika-20 ng Oktubre, 1944, bumalik si Heneral Douglas MacArthur sa Leyte sa gitna ng pagbubunyi ng mga Pilipino. Pagkatapos ng mahigit na ilang buwang pakikipaglaban sa Hapones ng mga Pilipino, idineklara ni Heneral McArthur ang kalayaan ng Pilipinas mula sa mga Hapon. Noong ika-6 ng Agosto, 1945, ang unang bomba atomika ay ibinagsak sa Hiroshima. Sinalakay naman ng Rusya ang Manchuria, Korea at Timog Sakhalin. Noong ika-9 ng Agosto, muling nagbagsak ng bomba atomika ang mga Amerikano sa Nagasaki. Nagimbal ang Hapon sa mga bombang atomika kaya tinanggap ng mga Hapones ang ultimatum ng mga Alyado noong ika-15 ng Agosto ang walang pasubaling pagsuko.

Noong huling araw ng Agosto lumapag sa bansang Hapon si Heneral MacArthur bilang SCAP o *Supreme Commander of the Allied Powers*. At noong ika-2 ng Setyembre, 1945, nilagdaan ng bansang Hapon ang mga tadhana ng pagsuko sa sasakyang *US Missouri* sa Tokyo Bay.

Mga Bunga ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nagdulot ito ng malaking pagbabago sa kasaysayan ng daigdig.

1. Malaking bilang ng mga namatay at nasirang ari-arian. Tinatayang halos 60 bansa ang naapektuhan ng digmaan at higit na mas marami ang namatay kaysa Unang Digmaang Pandaigdig.
2. Napagtibay ang simulaing *command responsibility* para sa pagkakasalang nagawa ng mga opisyal ng bayan at mga pinunong militar.
3. Natigil ang pagsulong ng ekonomiyang pandaigdig dahil sa pagkawasak ng agrikultura, industriya, transportasyon at pananalapi ng maraming bansa.
4. Bumagsak ang pamahalaang totalitaryang *Nazi* ni Hitler, Fascismo ni Mussolino, at Imperyong Hapon ni Hirohito.
5. Ito ang daan tungo sa pagkasilang ng malalayang bansa – ang Silangan Alemanya, Kanlurang Alemanya, Nasyonalistang Tsina, Pulahang Tsina, Pilipinas, Indonesia, Malaysia, Ceylon, India, Pakistan, Israel, Iran, Iraq at iba pa.

Ang Mga Bansang Nagkakaisa (United Nations)

Hindi pa natatapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, napag-isip ni Pangulong Roosevelt ng Estados Unidos na muling magtatag ng isang samahang pandaigdig na papalit sa Liga ng mga Bansa o may nawawala ba?.



Apat ng buwan bago sumalakay ang mga Hapones sa Pearl Harbor, sina Pangulong Roosevelt at Punong Ministro Winston Churchill ng Inglatera ay bumalangkas nang deklarasyon, ang *Atlantic Charter*, na siyang saligan ng 26 na bansa sa nilagdaang Deklarasyon ng Mga Bansasang Nagkakaisa (*United Nations*). Sa isang komperensiya sa Moscow noong Oktubre 1943, ang Estados Unidos, Gran Britanya at Soviet Union ay nagkasundo ng pagpapairal at pagpapanatili ng kapayapaan sa sandaling matalo ang *Axis*. Sinundan ito ng Deklarasyon ng Apat na Bansa, kasama ang Tsina, para sa pagtatatag ng isang pangkalahatang samahang pandaigdig upang mapanatili ang kapayapaan at kaligtasan sa mundo. Limampung bansa ang nagpulong sa California, Estados Unidos, upang balangkasin ang Karta ng mga Bansasang Nagkakaisa o UN. Noong ika-24 ng Oktubre, 1945 ay itinatag ang Mga Bansasang Nagkakaisa. Muling nagpulong ang mga kinatawan ng mga bansa sa London noong 1946 at nahalal na unang Sekretaryo-Heneral si Trygve Lie ng Sweden.

Ang Mga Bansasang Nagkakaisa ay may anim na pangunahing sangay. Ang

Pangkalahatang Asemblea (*Assembly*) ang sangay na tagapagbatas ng samahan. Binubuo ng mga kinatawan ng lahat ng mga kasaping bansa, dito isinasagawa ang mga pangkalahatang pagpupulong.

Ang Sanguniang Pangkatiwasayan (*Security Council*) ang sangay tagapagpaganap. Binubuo ito ng 11 kagawad na ang lima ay permanenteng miyembro, samantalang ang anim ay inihalal sa tining na pununungkulang dalawang taon.

Ang Kalihim (*Secretariat*) ay ang pangkat ng mga tauhang pampangasiwaan ng U. N. na nagpapatupad sa mga gawaing pang-araw-araw.

Ang Pandaigdig na Hukuman ng Katarungan (*International Court of Justice*) ang siyang sangay na nagpapasya sa mga kasong may kinalaman sa alitan ng mga bansa.


Ang Sangguniang Pangkabuhayan at Panlipunan (ECOSOC) ay binubuo ng 54 na kasaping bansa. Ito ang sangay na namamahala sa mga bagay na pangkabuhayan, panlipunan, edukasyonnal, siyentipiko at pangkalusugan ng daigdig.

Ang Sanggunian ng mga Katiwala ay nangangasiwa sa mga teritoryong ipinagkatiwala na kinabibilangan ng mga sumusunod: (1) mga teritoryong pinigil sa ilalim ng batas ng Samahan ng mga Bansa; (2) mga teritoryong kinuha mula sa Kapangyarihang Aksis (*Axis power*) inilagay sa sistema ng katiwala ng U. N.

Maraming Hudyo ang ipinapatay ng mga Nazi na kilala sa tawag na *Genecide* sa pamamagitan ng *Gas Chamber* at sa mga kampo ng konsertrasyon kung saan na sapilitang pinagtrabaho ang mga bihag para sa suplay ng armas pandaigdig.

Sa Pilipinas ay nakilala ang *Death March* bilang pagpapahirap ng mga Hapon sa mga Pilipino at Amerikanong sundalo sa Bataan.

Matapos ang digmaan ay nagkaroon ng makasaysayang paglilitis sa Nuremberg sa Alemanya upang mabigyang hustisya ang halos 11 milyong nasawi dulot ng digmaan.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Panuto: Gumawa na maikling pagsasalarawan ukol sa bawat larawan na makikita sa ibaba ukol sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig.











Tandaan Mo!

- Ang pagdating ng *Allied Powers* sa Normandy at pagkatalo dito ng tropang Aleman ang hudyat ng pagkapanalo ng hukbo laban sa *Axis Powers* at pagbagsak ni Hitler.
- Ang pagkatalo ng Italya sa Hilagang Aprika ay naging hudyat sa pagbagsak ni Mussolini.
- Ang pagbabalik ni Gen. Douglas MacArthur sa Pilipinas ay simula ng paglaya ng bansa at pagwawakas ng Imperyong Hapon sa Asya matapos na bombahin ng hukbong Amerikano ang Hapon sa Hiroshima at Nagasaki gamit ang atomik bomb.
- Ang Mga Bansang Nagkakaisa o *United Nations* ay nabuo at nagkaroon ng pagpupulong ang 50 bansang kasapi nito noong Oktubre 24, 1945 upang mapanatili ang kapayapaan at kaligtasan ng daigdig. Ito ang pinakamahalagang naidulot ng pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.



Gawain 3: Paglalapat

Batay sa larawan na nagpapakita sa isang babae, isipin mo na ikaw ang babae na nakaranas o nasa gitna ng digmaan. Ano ang iyong natatanaw matapos ang gulo at digmaan? Gumawa ng isang maikling sanaysay para sa iyong kasagutan sa pamamagitan ng 7-10 pangungusap.





Mga Dapat Tandaan sa Modyul na Ito

- ◆ Sa pagitan ng 1871-1914, ang mga bansang industriyalisado sa Kanluraning Europa ay nasa rurok ng kanilang kapangyarihan. Naging sentro ng daigdig ang Europa dahil sa kaunlaran at kalakalan. Naging sentro rin ito ng pandaigdigang alitan at di-pagkakaunawaan ng mga bansang makapangyarihan.
- ◆ Ang mga sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig ay ang nasyonalismo, imperyalismo, militarismo, pagbuo ng mga alyansa, pandaigdig na hidwaan at mga pandaigdigang krisis tulad ng mga pangyayari sa Morocco at Balkan.
- ◆ Ang pagpaslang kay Archduke Francis Ferdinand noong 1914, ang tagapagmana sa trono ng Austria na dumalaw sa Sarajevo, Bosnia, ang nagpasiklab sa Unang Digmaang Pandaigdig.
- ◆ Matinding pinsala ang naidulot ng Unang Digmaan Pandaigdig sa pagkawala ng maraming buhay at pagkawasak ng mga bansa at at ari-arian. Ang apat na imperyo sa Roma ay nagwakas din.
- ◆ Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig, nag-isip ng mga planong pangkapayapaan ang *Big Four* na binubuo ng Estados Unidos, Britanya, Italya, at Pransya. Nagpalabas si Pangulong Wilson ng Labing-apat na Puntos upang maiwasan ang mga susunod pang digmaan.
- ◆ Ang Britanya, Pransya at iba pang mga bansang alyado ay nagsagawa rin ng lihim na kasunduang sila-sila ay mahahati sa mga dating kolonya at teritoryo ng mga *Central Powers*. Ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang Kasunduan sa Versailles na nagdulot ng maraming *sanction* sa Alemanya na nagbigay ng malaking hinanakit dito.
- ◆ Naitatag pagkatapos ng digmaan ang pandaigdigang Liga ng mga Bansa na ang pangkalahatang layunin ay ang pagtutulungan, at hindi ang digmaan, ng mga bansa sa daigdig.
- ◆ Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay labanan sa pagitan ng *Allied Powers* (Estados Unidos, Inglatera, Rusya at Pransya) at *Axis Powers* (Aleman, Hapon at Italya).
- ◆ Ang mga sanhi ng Ikalawang Digmaan Pandaigdig ay ang pag-agaw ng Hapon sa

Manchuria noong 1931, ang pag-alis ng Alemanya sa Liga noong 1933, pagsakop ng Italya sa Ethiopia noong 1935, ang digmaang sibil noong 1936 sa Espanya, pagsakop ng Alemanya sa Austria, pagsakop ni Hitler sa parte ng Czechoslovakia, at ang pagpasok ng mga Aleman sa Poland noong 1939.

- ◆ Sinimulan ni Hitler ang kanyang blitzkrieg at noong ika-10 ng Mayo 1940, sa biglaang pagsalakay ng mga Nazi sa mga neutral na bansang Belhika, Holland at Luxembourg. Napabagsak din ang Pransya at nilusob ang Inglatera.
- ◆ Ang hukbong Aleman ni Hitler at ang hukbong Italyano ni Mussolini ang nanguna ng digmaan sa Europa, samantalang ang mga hapon ang nanalanta sa Pasipiko at Asya.
- ◆ Ang Estados Unidos ay tumulong sa paghahatid ng mga kagamitang pandigma sa mga kaalyansa ng *Allied Powers* at sinumang bansang lumaban sa mga kasapi ng *Axis Powers*.
- ◆ Narating ng Hapon ang tugatog ng tagumpay ng pananakop sa Pasipiko noong 1942 at nagsimula silang magtatag ng *Greater East Asia Co-Prosperity Sphere*.
- ◆ Ang pagdating ng *Allied Powers* sa Normandy at pagkatalo dito ng tropang Aleman ang hudyat ng pagkapanalo ng hukbo laban sa *Axis Powers* at pagbagsak ni Hitler.
- ◆ Ang pagkatalo ng Italya sa Hilagang Aprika ay naging hudyat sa pagbagsak ni Mussolini.
- ◆ Ang pagbabalik ni Gen. Douglas MacArthur sa Pilipinas ay simula ng paglaya ng bansa at pagwawakas ng Imperyong Hapon sa Asya matapos na bombahin ng hukbong Amerikano ang Hapon sa Hiroshima at Nagasaki gamit ang atomik bomb.
- ◆ Ang Mga Bansang Nagkakaisa o *United Nations* ay nabuo at nagkaroon ng pagpupulong ang 50 bansang kasapi nito noong Oktubre 24, 1945 upang mapanatili ang kapayapaan at kaligtasan ng daigdig. Ito ang pinakamahalagang naidulot ng pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.



PANGHULING PAGSUSULIT

I. Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

- _____ 1. Alin sa mga sumusunod na pangyayari ang hindi kabilang sa mahahalagang naganap noong Unang Digmaang Pandaigdig?
- A. Pagdanas ng krisis ng mga estado ng Balkan at sa Morocco
 - B. Pagkakaroon ng *Triple Alliance* at *Triple Entente*
 - C. Pagpapasinaya sa Nagkakaisang Bansa
 - D. Pagtataguyod ng mga hukbong militar
- _____ 2. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang tumutukoy sa naging sanhi ng ng Unang Digmaang Pandaigdig?
- A. Pagbagsak ng mga kilalang imperyo tulad ng Alemanya, Austria-Hungary, Rusya, at Ottoman
 - B. Paglabas ng labing-apat na Puntos ni Pangulong Woodrow Wilson ukol sa pagpapanatili ng kapayapaan
 - C. Pagpatay kay Archduke Francis Ferdinand ng Austria habang nasa Sarajevo, Bosnia
 - D. Pagtakas ni Adolf Hitler matapos ang sunud-sunod na pagkatalo laban sa mga *Allied Powers*
- _____ 3. Ang mga probisyon sa Kasunduan sa Versailles ay tumutukoy sa:
- A. Pagbabaha-bahagi ng mga teritoryong dating nasasakop ng Alemanya sa pagitan ng mga bansang magkaka-alyado
 - B. Pagkilala sa pagkakatangkang-pangkang ng mga bansa sa pagitan ng *Triple Alliance* at *Triple Entente*
 - C. Pagkuha ng Rusya sa magagandang daungan ng Constantinople para makaiwas sa matinding taglamig
 - D. Pakikipagtunggali ng Alemanya laban sa kontrol ng Inglatera sa kalakalan sa mga katubigan
- _____ 4. Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nagsimula dahil sa:

- A. Pagdating ng mga armas galing sa Estados Unidos para sa Inglatera
- B. Pagkatalo ni Adolf Hitler laban sa magigiting na hukbo ng Inglatera
- C. Pagpatay sa napakaraming Hudyo sa Europa
- D. Pagsalakay ng mga Aleman sa Poland noong 1939

_____ 5. Ang mga sumusunod na pangungusap ay tungkol sa kinahinatnan ng ating kabuhasan makalipas ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig maliban sa isa.

- A. Ang pagkakaroon ng malalayang bansa mula sa pagiging kolonya o bansang sakop ng mga taga-kanluran
- B. Ang pagpigil sa Alemanya na lumikha ng mga armas pandigma at pagtitiwalag dito bilang kasapi ng Liga ng mga Bansa
- C. Ang pandaigdigang ekonomiya ay pansamantalang natigil at bumagal ang pag-unlad ng kabuhasan sa mundo
- D. Ang totalitarianismo ni Hitler, Fascismo ni Mussolini at Imperyong Hapon ni Hirohito ay nagwakas.

_____ 6. Maaalala sa buong mundo si Winston Churchill bilang isang kilalang:

- A. Heneral ng Hukbong Sandatahang Lakas ng Allied Power
- B. Isang tagasuporta ng Nazi Party ni Adolf Hitler sa Europa
- C. Lider manggagawa sa panahon ng Rebolusyong Industriyal
- D. Punong Ministro ng Gran Britanya noong World War II

_____ 7. Ang mga taong ito ay pawang nakaranas ng pinakamatinding pinsala sa buhay na dulot ng mga Aleman noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig:

- A. Amerikano
- B. Hapon
- C. Hudyo
- D. Italyano

_____ 8. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang tumutukoy sa interes ng Hapon nang kanyang salakayin ang Pearl Harbor noong 1941?

- A. Makatulong sa mga bansang sakop ng mga Europeo sa Asya
- B. Makontrol ang daloy ng kalakalan sa Pasipiko
- C. Mapabilang sa mga bansang kaanib ng Nagkakaisang Bansa
- D. Mapalaganap ang kaisipan at imperyo ng mga Hapon sa Asya

_____ 9. Noong June 6, 1944 ay naganap ang D-Day sa Normandy na kilala sa kasaysayan bilang:

- A. Mabilis na pakikipaglaban at pagsalakay ng mga Aleman laban sa mga Ingles at Amerikano
- B. Mahigpit na patakarang ipinatupad laban sa pagsuko ng mga Aleman at Italyano matapos ang digmaan
- C. Malawakang pagdating ng suporta mula sa mga hukbo ng *Allied Powers*
- D. Malawakang paghuli at pagpatay sa mga Hudyo na naninirahan sa Europa

_____ 10. Ayusin ang wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig:

- 1. Ang D-Day ng mga Allied Powers sa Pransya
- 2. Ang pagsalakay ng mga Hapon sa Pearl Harbor
- 3. Ang pagpasok ng Alemanya sa Poland
- 4. Ang pananakop ng Hapon sa Manchuria

Ang wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari ay :

- A. 2 4 3 1
- B. 1 4 3 2
- C. 4 3 2 1
- D. 3 4 2 1

II. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot:

- A. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Ekonomiya;
- B. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Lipunan;
- C. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Pulitika; at
- D. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Relihiyon;

- _____ 11. Paglaganap ng kaisipang tanging mga Aleman ang magaling at nangungunang lahi sa daigig.
- _____ 12. Paglaganap ng kaisipan laban sa mga Hudyo dahil sa paniniwalang sila ang dahilan sa kamatayan ni Kristo.
- _____ 13. Pagkawasak ng buhay at mga ari-arian hatid ng Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
- _____ 14. Pakikisangkot ng Rusya sa usapin ng mga Estado sa Balkan dahil sa mga kapwa Ruso na Greek Orthodox.
- _____ 15. Pagbagal ng industrialisasyon at kalakalan dulot ng mga digmaang pandaigdig.
- _____ 16. Pagpapalaganap ng *Greater East Asia Co-Prosperity Sphere* ng mga Hapon sa kalakhang Asya.
- _____ 17. Pagpapakilala ng mga Hapon na ang lahing Asyano ay mataas na lahi tulad ng mga Europeo.
- _____ 18. Matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig ay pinamunuan at nakontrol ng *Central Powers* ang pamamahala laban sa mga natalo sa digmaan.
- _____ 19. Paglalabanan ng pamumuno sa pagitan ng mga Fascistang Nationalist Front at Sosyalistang Popular Army sa Espanya.
- _____ 20. Paghinto ng suplay sa langis at pagpigil sa mga ari-ariang Hapones sa Estados Unidos.



GABAY SA PAGWAWASTO

PANIMULANG PAGSUSULIT

- | | | | |
|------|-------|-------|-------|
| 1. D | 6. C | 11. A | 16. A |
| 2. C | 7. C | 12. B | 17. B |
| 3. B | 8. C | 13. A | 18. D |
| 4. B | 9. B | 14. D | 19. C |
| 5. D | 10. C | 15. C | 20. A |

ARALIN 1 MAHAHALAGANG PANGYAYARI NA NAGDULOT NG UNANG DIGMAANG PANDAIGDIG

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

ALLIED POWERS

(Kulay Berde)

Belhika
Gran Britanya
Gresya
Italya
Portugal
Pransya
Romanya
Rusyan Empire

CENTRAL POWERS

(Kulay Kahel)

Austro-Hungarian Empire
Bulgarya
German Empire
Ottoman Empire

NEUTRAL COUNTRIES

(Kulay Itim)

Albanya
Denmark
Espanya
Morocco (Spain)
Netherlands
Norway
Sweden
Switzerland

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Mga sagot:

Damdaming Nasyonalismo ay nagbunsod ng pagnanasa ng mga taong makalaya

Ang Imperyalismo bilang paraang sa pagpapalawak ng pambansang kapangyarihan sa pamamagitan ng pag-angkin ng mga kolonya

Militarismo upang mapangalagaan ang nasyonalismo sa pamamagitan ng mahuhusay at malaking hukbong sandatahan

Pagbuo ng mga bansang magkaka-alyansa tulad ng Triple Entente at Triple Alliance

Pandaigdigang hidwaan dahil sa mga bansang hindi sumusunod sa kasunduang magbawas ng mga armas

Ang Pandaigdigang krisis tulad ng sa Morocco (1905-1912) at Balkan (1908 at 1913)

Ang pinakahuling nagpasiklab ng digmaan ay ang pagpaslang kay Archduke Francis Ferdinand noong ika-28 ng Hunyo, 1914. Ang tagapagmana sa trono ng Austria ay dumalaw sa Sarajevo, Bosnia. Siya ay pataksil na pinatay ni Garivlo Princip, isang Serbian na naninirahan sa Bosnia.

Gawain 3: Paglalapat

Ipatsek sa gurong tagapamatnubay ang iyong sagot na binubuo ng sarili mong opinyon.

ARALIN 2 MGA EPEKTO SA MGA BANSA NG UNANG DIGMAANG PANDAIGDIG

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Mga Naging Pagbabago sa Europa

1. Ang Austria at Hungary ay nagkahiwalay
2. Ang mga bansang Latvia, Estonia, Lithuania, Finland, Czechoslovakia, Yugoslavia at Albanya ay lumaya
3. Ang apat na Imperyo ng Hohenzollen ng Alemanya, Hapsburg ng Austria-Hungary, Romanov ng Rusya at Ottoman ng Turkey ay nagwakas

Gawain 2: Pagpapalawak ng Kaalaman

Mga tamang sagot:

Pagsisikap Tungo sa Kapayapaan

1. Kasunduang Pangkapayapaan
(Paris 1919-1920)

Nilalaman

Paraan upang maiwasan ang muling pagsiklab ng digmaan sa mundo na pinangungunahan ng BIG FOUR-Pangulong Woodrow Wilson ng Estados Unidos, Punong Ministro David Lloyd George ng Britanya, Vittorio Emmanuel Orlandong Italya, at Punong Ministro Clemenceau ng Pransya.

2. Labing-apat ng Puntos ni Pangulong Woodrow Wilson
(Enero, 1918)

1. Kapayapaan walang talunan.
2. Pagbuo ng Liga ng mga Bansa.
3. Wakasan ang mga lihim na ugnayan ng mga bansa.

3. Kasunduan sa Versailles

1. Pag-aalis ng lahat ng kolonya ng Alemanya .
2. Pagbabayad ng mga Alemanya ng repparasyon sa mga bansang

- naging biktima ng digmaan.
- 3. Pagbabawal sa Alemanya sa paggawa ng armas.
- 4. Pagbabawas sa hukbong pandagat at panghimpapawid ng Alemanya

4. Ang Liga ng mga Bansa


- 1. Pag-iwas sa digmaan.
- 2. Pagtutulungan ng mga bansang nagkakaisa sa panahon ng kapayapaan at digmaan.
- 3. Pangangalaga sa kapakanan at kaaway ng bawat isa.

Gawain 3: Paglalapat

Isangguni mo sa gurong tagapamatnubay ang mga iminungkahi mong paraan na batay sa sarili mong kuru-kuro at pananaw.

ARALIN 3 ANG IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG

Gawain 1



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Narito ang tamang “*time table*”

- 1931 - Nilusob ng bansang Hapon ang Manchuria
- 1933 - Tumiwalag sa Liga ng mga Bansa ang Alemanya
- 1935 - Sinakop ng Italya ang Ethiopia na isang paglabag sa *Covenant of the League*
- 1936 - Nagsimula ang digmaang sibil sa Espanya sa pagitan ng Fascistang Nationalist Front at Sosyalistang Popular Army
- Marso 1938 - Sinakop ng Alemanya ang Austria
- Sept 1, 1939 - Nilusob ng Alemanya ang Poland
- April-May 1940- Sinalakay ng Alemanya ang Denmark, Norway, the Netherlands, Belhika, Luxembourg at Pransya
- Sept. 1940 - Nagkaroon ng *Tripartite Pact* ang mga bansang Hapon, Alemanya at Italya
- Dec. 7, 1941 - Sinalakay ng Hapon ang Pearl Harbor sa Hawaii at nagdeklara ang Estados Unidos ng digmaan laban sa Hapon
- Dec. 8, 1941 - Sinalakay ng Hapon ang Pilipinas
- Dec. 11, 1941- Nagdeklara ng digmaan ang Alemanya laban sa Estado Unidos
- June 6, 1944- Dumating ang “Allied Powers” sa Pransya na kilala bilang “D-Day”
- April 30, 1945- Nagpakamatay si Adolf Hitler
- Aug. 6, 1945 - Binomba ng Atomika ng Estados Unidos ang Hiroshima sa bansang Hapon
- Sept. 2, 1945- Sumuko na ang Hapon

Gawain 3: Paglalapat

Ipatsek sa gurong tagapamatnubay ang iyong sanaysay. Sa interpretasyonmo sa mga larawan nakasalalay ang iyong kasagutan.

ARALIN 4 ANG PAGWAWAKAS NG IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG AT MGA PAGBABAGONG DULOT NITO

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Mga Sagot:

- | | |
|---------------------------|----------------|
| 1. Normandy | 5. Gas Chamber |
| 2. Hiroshima | 6. Death March |
| 3. Mga Nagkakaisang Bansa | 7. Nuremberg |
| 4. Genecide | |

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Ipatsek sa guring tagapamatnubay ang iyong mga sagot. Depende sa iyong interpretasyon ng mga larawan ang iyong sagot.

Gawain 3: Paglalapat

Ipatsek mo sa gurong tagapamatnubay ng modyul ang iyong sanaysay

PANGHULING PAGESUSULIT

- | | | | |
|------|------|------|------|
| 1. C | 6. D | 11.B | 16.A |
| 2. C | 7. C | 12.D | 17.B |
| 3. A | 8. D | 13.A | 18.C |
| 4. D | 9. C | 14.D | 19.C |
| 5. B | 10.C | 15.A | 20.A |

